8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 4

Aralin

4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 4: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Angelita F. Aquino

**Tagasuri:** Amabel T. Siason

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.


**VALUES EDUCATION / IKAAPAT NA KUWARTER / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtupad sa mga gampanin ng kinabibilangang relihiyon o paniniwala. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang gampanin ng kinabibilangang relihiyon o paniniwala upang malinang ang pakikiisa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pakikiisa sa pamamagitan ng pagkukusang maging bahagi ng mga gawain ng relihiyon o paniniwalang kinabibilangan.<br>a. Naiisa-isa ang mga gampanin ng kinabibilangang relihiyon o paniniwala.<br>b. Nakapagpapatibay na ang pagtupad sa mga gampanin ng kinabibilangang relihiyon o paniniwala ay mapagkukunan ng inspirasyon, pag-asa, at karunungan sa pamumuhay sa bayan.<br>c. Nakikibahagi sa pagtupad sa mga gampanin ng kinabibilangang relihiyon o paniniwala |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga**<br>**(Values to be developed)** | ***Pakikiisa (Cooperation)*** |
| **E. Nilalaman** | Pagtupad sa mga gampanin ng Kinabibilangang Relihiyon o Paniniwala |
| **F. Integrasyon** | |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| |

Aquino, C. J. (n.d.). Ang Hinduismo. Scribd. https://www.scribd.com/document/336973521/Ang-Hinduismo
Ang Mahalagang Papel ng Relihiyon sa Buong Mundo. (2017b, June 1). https://www.churchofjesuschrist.org/study/liahona/2017/06/religions-vital-global-role?lang=tgl
Budismo. (2024, February 12). Wikipedia, ang malayang ensiklopedya. https://tl.wikipedia.org/wiki/Budismo
Cervantes, A. (2014b, October 24). Mga relihiyon sa asya. SlideShare. https://www.slideshare.net/slideshow/mga-relihiyon-sa-asya-40702461/40702461lihiyon/
Cristobal, C. M. (n.d.). MAHATMA GANDHI. Scribd. https://www.scribd.com/document/620378818/MAHATMA-GANDHI
gampanin - Diksiyonaryo. (n.d.). https://diksiyonaryo.ph/search/gampanin
Hall, L. (2022, March 31). 54 Mother Teresa Quotes That Inspire Love, Faith, and Hope. Country Living. https://www.countryliving.com/life/a39155616/mother-teresa-quotes/
How to say conglomerate in Filipino. (n.d.). WordHippo. https://www.wordhippo.com/what-is/the/filipino-word-for-a5f86d3f3aacc4750011d702ac020e350fee9369.html
Kristiyanismo. (n.d.). Araling Panlipunan. https://soaringeagleons.weebly.com/kristiyanismo.html
Madre Teresa. (2023, September 5). Wikipedia, ang malayang ensiklopedya. https://tl.wikipedia.org/wiki/Madre_Teresa#:~:text=Sa%20loob%20ng%2030%20mga,mga%20sangay%20sa%20buong%20mundo.
Mahatma Gandhi - SSR ACS. (2021, June 20). SSR ACS. https://ssracs.edu.in/mahatma-gandhi-2/ Pagkakaisa: Monolingual Tagalog definition of the word pagkakaisa. (n.d.). TagalogDotCom. https://www.tagalog.com/monolingual-dictionary/pagkakaisa
Twinkle. (2024, January 30). Top 60 Mahatma Gandhi Quotes for Inspiration and Motivation. Jagranjosh.com. https://www.jagranjosh.com/general-knowledge/mahatma-gandhi-quotes-1695752672-1
Villahermosa, S. R. (n.d.). Ang Kahalagahan Ng Relihiyon Sa Buhay Ng Tao. Scribd. https://www.scribd.com/document/689293353/Ang-Kahalagahan-Ng-Relihiyon-Sa-Buhay-Ng-Tao


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**Maikling Balik-aral**<br>Bilang kabataan, paano mo naisasakilos ang makataong pakikipag-uganayan sa bayan? Magbigay ng tatlong paraan. | Maglalaan ng 7 minuto para sa gawaing ito |

| | | |
|---|---|---|
| | <br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Handshake_%283575000735%29.jpg<br><br>**Tanong :**<br><br>Ano ang magandang naidudulot ng pagkakaroon ng makataong pakikipag-ugnayan sa bayan?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Pakikiisa sa Relihiyon**<br><br>Paano mo ilalarawan ang iyong relihiyon? Gumamit ng mga angkop na pang-uri upang mailarawan ito. | **Pakikiisa sa Relihiyon**<br><br>Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito.<br><br>Sa bahaging ito bibigyan ng guro ng paunang pagpapakilala ang mga sumusunod:<br><br>1. katangiang taglay ng relihiyong kinabibilangan |

| | | |
|---|---|---|
| | [ ]<br>[ ]<br>[ ]<br><br>**Tanong:**<br>1. Paano mo inilarawan ang iyong relihiyon? Ipaliwanag kung bakit pinili mo ang tatlong pang-uri na ito.<br>________________________________________<br>________________________________________<br>2. Mahalaga ba na mayroon kang relihiyon na kinabibilangan?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>3. Ano ang kapakinabangang nakukuha mo mula sa iyong relihiyon?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>4. Paano mo naipapakita ang *appreciation* o pagpapahalaga sa iyong relihiyon?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Panuto:** Tukuyin ang kahulugan ng mga salita. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.<br>A. Relihiyon C. Karma<br>B. Ebanghelisasyon D. Pakikiisa E. Gampanin<br><br>_____1. ang pangangaral ng buhay ni Hesukristo<br>_____2. anumang bagay na dapat gawin o tungkuling dapat maisagawa<br>_____3. isang paniniwala na ang kabuoang kilos ng isang tao sa nakalipas na panahon ay kayang maimpluwensiyahan ang kaniyang pag-iral sa hinaharap | 2. kapakinabangan dulot ng pagkakaroon ng relihiyon<br><br>3. pakikiisa sa relihiyong kinabibilangan.<br><br>4. pagbibigay ng halaga sa relihiyon<br><br>Ito ay bilang paghahanda sa mas malalim na talakayan.<br><br>Maglalaan ng 7 minuto para sa gawaing ito<br><br>Sagot:<br>1. B<br>2. E<br>3. C<br>4. A<br>5. D |

| | | |
|---|---|---|
| | _____4. kalipunan ng mga sistemang paniniwala, mga sistemang kultural, at pananaw sa daigdig na nag-uugnay ng sangkatuhan sa espirituwalidad at minsan ay sa moralidad<br>_____5. ang kalagayan ng pagkakaroon ng iisang layunin, pagtutulungan, at pagkakabuklod-buklod ng mga indibiduwal o grupo upang makamit ang pangkaraniwang mithiin | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Mga Gampanin ng Kinabibilangang Relihiyon o Paniniwala**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Napag-aralan mo mula sa ikaapat na aralin sa nakaraang markahan ang iba't ibang relihiyon sa Pilipinas at kung paano sa pamamagitan nito ay nagkakaroon ng ugnayan ang bawat tao sa kabila ng pagkakaiba-iba ng paniniwala. Ano nga ba ang mahalagang papel ng relihiyon sa buhay ng tao?<br><br>"Ang relihiyon ay nagbibigay-inspirasyon sa maraming nananalig na maglingkod sa iba, na naging malaking kapakinabangan, sa kabuoan, sa mga komunidad at bansa. Ang relihiyon ay nagpapatatag sa kalagayan ng lipunan." (Ang Mahalagang Papel Ng Relihiyon Sa Buong Mundo, 2017)<br><br>Mayroong mahalagang gampanin ang relihiyon sa buhay ng tao at sa buong mundo. "Isa sa mga mahalagang bahagi ng relihiyon ay ang pagtuturo ng moralidad at etika. Ito ang nagbibigay ng mga pamantayan sa tama at maling asal, at itinuturo sa mga tao ang kahalagahan ng pagiging mabuti at makatarungan. Ang mga aral na ito ay nagbibigay-hinuha sa mga tao sa mga hakbang na dapat nilang tahakin sa kanilang buhay. Ang relihiyon ay nagtuturo ng pagmamahal sa kapuwa, katarungan, at pagkalinga sa mga nangangailangan. Sa panahon ng pagsubok at kagipitan, ang relihiyon ay nagbibigay-kalakasan at pag-asa sa mga tao. Ang relihiyon ay nagdadala rin ng mga tao sa iisang komunidad ng mga mananampalataya. Ito ay nagpapalakas ng ugnayan at solidaridad sa pagitan ng mga miyembro ng isang relihiyosong grupo. Ang komunidad na ito ay nag-aambag sa pagpapalaganap ng pag-asa, pagkakaisa, at pagmamahal sa kapuwa." (Villahermosa, n.d.)<br><br>**Itanong:** Ano ang mahahalagang gampanin ng relihiyong kinabibilangan? | Matapos ang unang araw na takayan, maaaring sabihan ang mga mag-aaral na magsaliksik ng mga kilalang relihiyon sa mundo at alamin ang kanilang mga katuruan at gampanin ng kanilang miyembro.<br><br>Maaaring hingan ng iba pang gampanin ang mga mag-aaral |

| | | |
|---|---|---|
| | **Kristiyanong Relihiyon**<br>Ang pangunahing paniniwalang Kristiyano ay nasa pamamagitan ng paniniwala at pagtanggap sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus. Ang mga makasalanang tao ay maaaring makipagkasundo sa Diyos, at sa gayon ay inaalok ang kaligtasan at ang pangako ng buhay na walang hanggan.<br><br>Bagamat maraming relihiyon ang nabuo katulad ng Katolikong simbahan, Iglesia ni Kristo, at Aglipayan *church* sa ilalim ng Kristiyanismo, iisang katotohanan lamang ang ipinangangaral, ito ay ang tungkol sa buhay at turo ni Hesukristo. Ang ebanghelisasyon o ang pangangaral ng buhay ni Hesukristo ay isang misyon para sa mga Kristiyano. Ang pagpapakalat ng kaniyang turo na mag-aakay sa tao sa kabanalan. Ang pinakamabisang pangangaral ng buhay ni Hesus ay sa pamamagitan ng pagsasabuhay nito. Sundin hindi lamang sa salita kundi sa gawa ang mga natutuhan mula sa aral at buhay ni Kristo. Ang kagandahang loob na ipinakikita mo sa iyong kapuwa ay magsisilbing inspirasyon upang sila rin ay makapagbahagi ng buhay at salita ni Kristo sa pamamagitan ng dalisay na paglilingkod at pagmamahal.<br><br>**Relihiyong Islam**<br>Ang mga tungkulin ng isang Muslim ay ayon sa pagkakalarawan sa Limang Haligi ng Islam.<br>a. *Shahadah (Paniniwala)*. Isang pagpapahayag ng paniniwala ng mga Muslim ang shahadah. Ayon dito, "Walang ibang Diyos kundi si Allah at si Mohammed ay Kaniyang Propeta." Inuulit ito ng karamihan sa mga Muslim nang kahit isang beses sa isang araw.<br>b. *Salat (Panalangin).* Ito ay ang limang beses na pagdarasal ng mga Muslim kada araw tuwing umaga bago sumikat ang araw, sa tanghali, sa gitnang-hapon, pagkalubog ng araw at bago matulog. Ginagawa ito habang nakaharap sa Mecca, ang lugar na pinanganakan ng propetang si Mohammed.<br>c. *Zakat (Alay).* Ito ay ang obligasyon ng mga Muslim ng pagbibigay sa kawanggawa. Isang buwis na pangkawanggawa na katumbas ng 2.5% ng suweldo ng isang Muslim.<br>d. *Sawn (Ayuno).* Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan. Pinaniniwalanag ito ang buwan kung kailan natanggap ni Mohammad ang unang pahayag ng Koran mula kay Allah. Ito ay isang panahon ng pagninilay at pagsasaulo ng pananampalataya. | ayon sa kanilang karanasan sa kanilang relihiyon. |

| | | |
|---|---|---|
| | e. *Hajj (Paglalakbay)* o *Pilgrimage* sa banal na Mecca. Ito ay isang pangmatagalang paglalakbay at rituwal na naglalayon ng pagkakaisa sa komunidad ng mga Muslim at pagtanggap sa mga banal na gawain sa Islam. (Mga Pangunahing Relihiyon sa Buong Mundo, 2011)<br><br>**Relihiyong Budismo**<br>Nakatuon ang Budismo sa mga aral ni Siddhartha Gautama o ang "Buda", isang dakilang mangangaral. Ang Buddha ay nangangahulugang "ang isang naliwanagan" sa Sanskrit at Pāli. Siya ay kinikilala ng mga Budista na isang naliwanagan na nagbahagi ng kaniyang mga kabatiran upang tumulong sa mga may kamalayang nilalang na wakasan ang pagdurusa (dukkha) sa pamamagitan ng pagtatanggal sa kamangmangan (avidyā). Ang kamangmangan naman ay masusugpo sa pamamamagitan ng pag-unawa at pagkita sa nakasalalay na pinagmulan (pratītyasamutpāda) at pag-aalis ng pagnanasa (taṇhā) tungo sa pagkamit sa pinakamataas na kaligayahan na nirvāṇa. (Budismo, 2024) Ang Budismo ay naglalayong magbigay ng landas patungo sa personal na kapayapaan at kalayaan mula sa pagdurusa sa pamamagitan ng pang-unawa at pagiging mabuti sa kapuwa.<br><br>**Relihiyong Hinduismo**<br>Ang Hinduismo ay kinabibilangan ng isang malawak na spektrum ng mga batas at preskripsiyong mga "pang-araw araw na moralidad" batay sa karma, dharma, at iba pang mga *norm* ng lipunan. Ang Hinduismo ay isang konglomerasyon o kalipunan ng iba't ibang klase ng tao, ng natatanging mga pananaw na intelektuwal o pilosopikal sa halip na isang hindi mababagong karaniwang hanay ng mga paniniwala.<br><br>Naniniwala ang mga Hindu sa reinkarnasyon, na ang isang indibiduwal ay muling isisilang at mabubuhay sa ibang katauhan o anyo. Ang kaniyang bagong kaanyuan ay nakabatay sa kaniyang mga naging aksiyon mula sa kaniyang nakaraang buhay. Kung siya ay naging mabuti sa nakaraang buhay, magiging kaaya-aya rin ang katauhan niya sa susunod na buhay. Ngunit kung naging masama ang kaniyang kilos, asahan na hindi magiging maayos ang kaniyang kaanyuan sa hinaharap. Ito ang ideya ng karma. Ang karma ay isang paniniwala na ang kabuoang kilos ng isang tao sa nakalipas na panahon ay kayang maimpluwensiyahan ang kaniyang pag-iral sa hinaharap. Kung kaya't isang seryosong gampanin sa mga Hindu ang pamumuhay ng malinis, may kabutihan, at pagmamahal sa kapuwa. | **Iba't Ibang Relihiyon, Iba't ibang Gampanin** |

**IKALAWANG ARAW**

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Iba't Ibang Relihiyon, Iba't ibang Gampanin**

Panuto: Tukuyin ang pagkakaiba at pagkakapareho ng gampanin ng mga relihiyon o paniniwalang tinalakay.

| PAGKAKAPAREHO | PAGKAKAIBA |
|---|---|
| | |

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang magkakaparehong gampanin ng mga relihiyon? Ano naman ang magkaiba?
2. Bakit kaya isinusulong nila ang ganitong gampanin?
3. Maaari bang magkasundo ang lahat ng relihiyon bagamat may iba't ibang gampanin at paniniwala?
4. Alin sa mga gampanin ng ibang relihiyon ang naunawaan mo at maaaro mo ring isabuhay kasabay ng iyong gampanin sa relihiyong iyong kinabibilangan? Ipaliwanag ang sagot.

Ngayong ay alam mo na ang paniniwalang pinapadaloy ng iyong relihiyon. Nakasusunod ka ba dito? Ang iyong pakikiisa ay lubhang mahalaga. Tumutupad ka ba sa mga gawain ng iyong relihiyon? Nakadadalo ka ba sa misa o pagsamba? Bilang isang kabataan ikaw ay inaasahan na makikiisa sa mabuting layunin ng relihiyong iyong kinabibilangan.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Bigyan ng STAR 'Yan!**

Panuto: Ilang stars ang ibibigay mo sa iyong sarili ayon sa pagtupad mo sa gampanin ng iyong relihiyon? Kulayan ang bilang ng *stars* na karapat-dapat mong makuha.

Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito.

**Bigyan ng STAR 'Yan!**

Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito.

Padalhin ng pangkulay ang mag-aaral na gagamitin para sa gawaing ito.

**Tasahin ang Sarili**

Ipaliwanag ang iskor na ibinigay sa sarili. Magbahagi ng mga pagpapatunay na ginagawa mo ang iyong gampanin ayon sa katuruan ng iyong relihiyon.

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

**Kaugnay na Paksa 2: Pagtupad sa mga Gampanin nang may Pagkukusa na Nagdudulot ng Inspirasyon, Pag-asa, at Katarungan sa Pamumuhay sa Bayan**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Maraming tao ang nakapagbigay ng inspirasyon sa ating lahat dahil sa kanilang ipinakitang pagmamalasakit at pagmamahal sa kapuwa. Ang iba ay nagbuwis ng buhay para sa kapakanan ng iba. Sila ay buong pusong naglingkod hindi para sa kasikatan at materyal na benepisyo kundi kusang-loob na pagbibigay ng kanilang sarili na nagdulot ng inspirasyon at pag-asa sa bayan hanggang ngayon. Hindi ba ito ay patunay ng pagtupad sa gampaning nagsimula sa aral na natutunan sa relihiyong kinabibilangan?

Pag-usapan natin ang ilan sa mga taong naging matapat sa kanilang paniniwala at tumupad ng kanilang gampanin para sa kabutihan ng mas nakararami.

Si Mohandas Karamchand Gandhi ay isang pangunahing politikal at espirituwal na pinuno sa India, at ng kilusang pagpapalaya sa India. Binigyan niya ng pag-asa ang tao na makakamit ng kalayaan sa mapayapang paraan. Siya ang tagapanguna at tagapagpaganap ng *Satyagraha* — ang pagpipigil sa kalupitan sa pamamagitan ng malawakang sibil na hindi pagsunod na malakas na nakatatag sa *ahimsa* (ang kabuoang kawalan ng karahasan), na nagdulot sa pagiging malaya ng India, at

Maaaring magbahagi ang mag-aaral ng iba pang tao na naging ehemplo ng pagtupad sa gampanin ng kaniyang relihiyon.

Mahalagang mabigyan ng diin ng guro ang mga katangian na dapat tanglayin ng tao upang

| | | |
|---|---|---|
| | nagbigay-diwa sa mga kilusan para sa mga karapatang sibil at kalayaan sa buong mundo. Kadalasang kilala si Gandhi at ginagalang sa India at sa buong mundo bilang Mahatma Gandhi (mula sa Sanskrit, Mahatma, Dakilang Nilalang) at bilang Bapu (sa maraming mga wikang Indiyan, Ama). Siya ay opisyal na pinarangalan sa India bilang ang Ama ng Bansa; ang kaniyang kapanakan na Oktubre 2 ay itinalaga bilang Gandhi Jayanti, isang pambansang araw, at ang araw ng kawalan ng karahasan sa buong mundo.<br><br>Narito ang ilang iniwang salita ni Gandhi na nagbigay inspirasyon sa maraming tao.<br>*"Ang pinakamahusay na paraan upang mahanap ang iyong sarili ay ang mawala ang iyong sarili sa paglilingkod sa iba."*<br><br>*“Ikaw dapat ang pagbabagong nais mong makita sa mundo."*<br><br>*“Ang galit at hindi pagpaparaan ay ang mga kaaway ng tamang pang-unawa."*<br><br>*"Ang lakas ay hindi nagmumula sa pisikal na kapasidad. Ito ay nagmumula sa isang hindi matitinag na kalooban."*<br><br>*“Ang isang tao ay produkto lamang ng kaniyang mga iniisip at kung ano ang iniisip niyang magiging siya."*<br>(Twinkle, 2024)<br><br>Ipinanganak siya bilang Agnesë Gonxhe Bojaxhiu (binabaybay ding Agnes Gonxha Bojaxhiu) sa Skopje, Albanya. Iniwanan niya ang kaniyang kinaroroonang kumbento upang tulungan ang mga maralita. Habang nasa Kolkata, nakasuot siya ng sari at nakatapak sa pinakamahihirap na pook.<br><br>Noong 1948, pinahintulutan siya ng Simbahang Katoliko na magtatag ng isang bagong samahan ng mga madre, ang Mga Misyonera ng Kawanggawa (*Missionaries of Charity*). Sa loob ng 30 mga taon, kasama ng kaniyang mga madre, nakapagsagip si ***Mother*** **Teresa** ng mga sanggol mula sa mga basurahan, nag-alaga ng mga ketongin, at nag-alaga ng mga may karamdaman at mga malapit nang mamatay. Pinairal niya ang katarungan sa mga mahihirap sa pamamagitan ng pag-aaruga at paglilingkod. Pagsapit ng 1979, nagkaroon ang kaniyang samahan ng 200 mga sangay sa buong mundo (Madre Teresa, 2023). | makatugon sa kanyang gampanin tulad ng pagkukusa, pagbibigay inspirasyon, paglilingkod, pag-asa at katarungan. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

Nag-iwan din si *Mother* Teresa ng mga *inspirational quotes* na hindi makakalimutan:

*“Hindi lahat sa atin ay nakakagawa ng magagandang bagay. Ngunit magagawa natin ang maliliit na bagay nang may malaking pagmamahal.”*

*"Natatakot kami sa hinaharap dahil nagsasayang kami ngayon."*

*"Ang pinakakahila-hilakbot na kahirapan ay ang kalungkutan, at ang pakiramdam ng hindi minamahal."*

*“Wala na ang kahapon. Hindi pa dumarating ang bukas. Ngayon lang tayo meron. Tayo na't magsimula."* (Hall, 2022)

**IKATLONG ARAW**
**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Pagsasagawa ng Isang Panayam**

Magsasagawa ng panayam ang mga mag-aaral upang malaman kung paano nagbibigay ng inspirasyon, pag-asa, at karunungan ang pagtupad sa mga gampanin ng relihiyon o paniniwala sa buhay ng komunidad.

Hatiin ang klase sa maliliit na grupo ng 3-4 na mag-aaral. Bawat grupo ay pipili ng isang miyembro ng lokal na komunidad na aktibong kasapi ng kanilang relihiyon o paniniwala (hal. lider ng simbahan, imam, rabbi, monghe, boluntaryo sa komunidad, atbp.). Maghahanda ng mga tanong ang mga mag-aaral upang malaman kung paano nagbibigay ng inspirasyon, pag-asa, at karunungan ang mga relihiyosong gawain ng indibiduwal sa kanilang araw-araw na buhay at sa komunidad.

Mga Tanong sa Panayam:

- Maaari mo bang ilarawan ang iyong tungkulin sa iyong relihiyoso o paniniwala-based na komunidad?
- Paano naaapektuhan ng iyong pananampalataya o paniniwala ang iyong mga pang-araw-araw na gawain at desisyon?
- Maaari mo bang ibahagi ang isang partikular na pagkakataon kung saan nagbigay sa iyo ng inspirasyon o pag-asa ang iyong relihiyosong tungkulin?

</td>
<td>

**Pagsasagawa ng Isang Panayam**
Ihanda ang mga mag-aaral sa gawaing ito sa unang araw pa lang ng aralin.

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | • Paano mo sa tingin nakakatulong ang iyong partisipasyon sa iyong relihiyoso o paniniwala-based na komunidad sa mas malawak na komunidad?<br>• Anong karunungan o mga aral sa buhay ang nakuha mo mula sa iyong relihiyon o paniniwala na ina-apply mo sa iyong buhay-komunidad?<br>• Paano mo hinihikayat ang iba sa iyong komunidad na makahanap ng inspirasyon at pag-asa sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya o paniniwala?<br><br>Pagsasagawa ng Panayam:<br>Ayusin ang oras para sa panayam na maginhawa para sa interviewee. Bawat grupo ay magtatanong nang salitan at magtatala ng mga sagot o magre-*record* ng mga ito (sa pahintulot ng *interviewee*).<br><br>Gawain Pagkatapos ng Panayam:<br>• Pagkatapos ng panayam, tatalakayin at ibubuod ng bawat grupo ang kanilang mga natuklasan. Maghahanda sila ng maikling presentasyon na magtatampok ng mga pangunahing pananaw at pagninilay mula sa kanilang panayam. Kasama sa presentasyong ito ang:<br>• Isang pagpapakilala sa *interviewee* at kanilang tungkulin.<br>• Mga pangunahing punto tungkol sa kung paano nagbibigay ng inspirasyon, pag-asa, at karunungan ang mga relihiyosong tungkulin ng interviewee.<br>• Mga personal na pagninilay sa natutuhan ng mga mag-aaral mula sa panayam.<br>• Magpe-presenta ng kanilang mga natuklasan ang bawat grupo sa klase.<br>• Pagkatapos ng bawat presentasyon, magkakaroon ng *Q&A session* kung saan maaaring magtanong ang iba pang mga mag-aaral o magbahagi ng kanilang mga saloobin sa mga ibinahaging pananaw.<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**Pagtupad sa Aking Gampanin**<br><br>Panuto: Gumawa ng talatakdaan upang masiguro na magagawa ang mga gampanin sa gabay ng turo ng relihiyong kinabibilangan.<br><br>Talatakdaan: | |

<table>
<tr><td></td><td>

| Araw | Turo ng Relihiyon o Paniniwala | Gampaning Isasakatuparan | Puna (Lagyan ng tsek kung natupad) |
|---|---|---|---|
| Lunes | | | |
| Martes | | | |
| Miyerkules | | | |
| Huwebes | | | |
| Biyernes | | | |
| Sabado | | | |
| Linggo | | | |

Pamprosesong Tanong:<br>
1. Ano ang naging hamon sa iyo ng gawaing ito?<br>
2. Naging matagumpay ba ang iyong pagganap sa iyong gampanin base sa resulta ng iyong pagmo*monitor*? Ipaliwanag ang sagot.<br>
3. Alin sa mga natupad mong gampanin ang sa tingin mo ay magbibigay inspirasyon sa iba? Ipaliwanag ang sagot.<br>
4. Makatutulong ba sa iyong personal na paglago ang pakikiisa sa gampanin ng iyong relihiyon? Sa papaanong paraan?</td><td></td></tr>
<tr><td>D. Paglalahat</td><td>1. Pabaong Pagkatuto<br>Ano-ano ang iyong mga gampanin ayon sa relihiyong iyong kinabibilangan?<br>_______________________________________________<br>2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>Paano maipapakita ang pakikiisa sa paniniwala at gampanin ng iyong relihiyon?<br>_______________________________________________</td><td></td></tr>
</table>

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>**I. Panuto: Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon.** | Sagot:<br>**I**<br>1. Zakat<br>2. Reinkarnasyon |

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td>Madre Teresa</td><td>Nirvana</td><td>Reinkarnasyon</td></tr><tr><td>Sawn</td><td>Zakat</td><td>Mahatma</td></tr></table><br>1. Ito ay ang obligasyon ng mga Muslim ng pagbibigay sa kawanggawa. Isang buwis na pangkawanggawa na katumbas ng 2.5% ng suweldo ng isang Muslim.<br>2. Ito ay paniniwala kung saan ang isang indibiduwal ay muling isisilang at mabubuhay sa ibang katauhan o anyo.<br>3. Siya ang nagtatag ng Mga Misyonera ng Kawanggawa.<br>4. Ang salitang ito ay may kahulugang “dakilang nilalang.”<br>5. Ito ay ang pinakamataas na kaligayahan sa paniniwala ng Budismo<br><br>**II. Alin sa mga kilos sa ibaba ang nagpapakita ng pakikiisa sa turo ng kinabibilangang relihiyon? Bilugan ang bilang ng tamang sagot.**<br>6. Binawasan ni Elise ang kaniyang pamasahe upang ibigay sa batang pulubi kahit nangangahulugan ito ng paglalakad niya pauwi ng bahay.<br>7. Sa sobrang gutom ni Mark, hindi niya napigilan ang sarili na kainin ang bahagi na para sa kaniyang kapatid dahil sigurado naman siya na siya ay mauunawaan nito.<br>8. Minabuti ni Lara na hindi muna dumalo sa pagsamba dahil kailangan niyang maging responsableng mag-aaral at tapusin ang proyekto sa Matematika.<br>9. Umamin si Elisha sa kaniyang pagkakamali kaysa maibaling ang sisi sa iba.<br>10. Wastong timbang ng bigas ang ibinibigay ni Arnel sa kaniyang mga suki kahit lumiit na ang kaniyang tinutubo mula rito.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Ibahagi ang natutuhan mula sa aralin na ito sa pamilya lalo na sa nakababatang kapatid. Ipaalala ang pakikiisa sa mga gampanin ng relihiyong kinabibilangan. Isulat sa kuwaderno ang naging reaksiyon ng pamilya sa ginawang pagbabahagi at ang sariling pagninilay kaugnay sa gawain. Gawing gabay ang sumusunod na mga tanong?<br>1. Ano ang iyong pakiramdam pagkatapos mong maibahagi ang iyong natutuhan?<br>2. Ano naman ang naging resulta ng iyong pakikibahagi sa iyong pamilya?<br>3. Paano pinagtitibay ng inyong pananampalataya ang inyong samahan biilang pamilya at inyong pakikitungo sa kapuwa? | 3. Madre Teresa<br>4. Mahatma<br>5. Nirvana<br>**II**<br>6. may bilog<br>7.<br>8.<br>9. may bilog<br>10. may bilog |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>